Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-04 NG MAYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 20-2020

ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATADHANA NG PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA SINUMANG GAGAWA O' GUMAGAMIT NG PALSIPIKADO O' PEKENG HOME QUARANTINE PASS (HQP) NA IPINAMAHAGI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANAHONG ANG LUNGSOD AY NASA ILALIM NG ENHANCED COMMUNITY QUARNATINE (ECQ) BUNSOD NG COVID-19 PANDEMIC

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C. CAPULE KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

## TALA NG PALIWANAG

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, sa bisa ng direktiba ng Pamahalaang Nasyunal ay ipinaloob ang Lungsod ng Malolos sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) mula Marso 17, 2020 hanggang Mayo 15, 2020 upang malabanan at mapigilan ang paglaganap ng COVID-19;

SAPAGKAT, sa bisa ng ipinalabas na Executive Order No. 27, 2020 ng mabunying Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, ay minamandato ang pagsasawalang-bisa ng mga umiiral na Home Quarantine Pass na ipinamahagi ng Sangguniang Barangay, gayundin ang Market Pass (MP) na ipinamahagi naman ng Pamahalaang Panlungsod sa halip ay muling nagpalabas ng bagong HQP na pinag-isa na lamang ang HQP ng Barangay at MP;

SAPAGKAT, sa bisa pa din ng nasabing Executive Order ay pinapahintulutan na lamang ang paglabas ng may HQP dalawang (2) beses isang linggo upang malimitahan ang paggalaw ng tao, gayundin upang mas epektibong maipatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ), Social Distancing at mapigilan ang pagdami ng COVID-19 Positive sa lungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

Kung kaya't sa kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ay pinatibay ng may bisa ng batas ang:

**SEKSYON 1. - Ang Kautusang ito ay kikilalanin bilang "ANTI-FALSIFICATION OF HQP IN THE CITY OF MALOLOS"** - Ang tadhanain ng Kautusang ito ay iiral at may bisa ng batas sa loob na ang lungsod ay nasa ilalim ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) dulot ng COVID-19 Pandemic.

**SEKSYON 2. - TADHANAIN** - Mahigpit na ipinagbabawal sa sinumang indibiduwal o' entidad na gumawa o' gumamit ng pekeng HOME QUARANTINE PASS (HQP) na ipinamahagi ng Pamahalaang Panlungsod. Kabilang dito ang paggawa o' paggaya ng HQP para sa pansariling gamit o' produksyon para sa iba, may bayad man o' wala, pag-xerox o' photocopy ng HQP at iba pang pamamaraan na may layuning palsipikahin ang opisyal na HQP.

**SEKSYON 3. - KAPARUSAHAN** - Ang sinumang lalabag sa tadhanain ng Kautusang Panlungsod na ito ay papatawan ng kaparusahang multa sa halagang Php5,000.00. Sa mga entidad gaya ng korporasyon, ang Pangulo, Board of Director o' sinumang namumuno dito ang siyang papatawan ng kaparusahan.

**SEKSYON 4. - PAGPAPATUPAD** - Inaatasan ang Philippine National Police (PNP), Opisyal ng Pamahalaang Panlungsod at Sangguniang Barangay na mahigpit na ipatupad ang Kautusang ito.

**SEKSYON 5. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 6. - KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kautusang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
Mayo 04, 2020
**Petsa ng Pagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05042020